

Central Visayas RSTW 2018 idinaos sa Bohol

2018 STARBOOKS Convention tagumpay na nagtapos sa Mindanao

Ni Enrico P. Belga, Jr., DOST-STII

Naging matagumpay ang idinaos na Regional Science and Technology Week (RSTW) 2018 ng Department of Science and Technology-Region VII (DOST-VII) noong 14 Disyembre 2018 sa probinsiya ng Bohol na may temang "Science for the People: Innovation for Collective Prosperity".

Dumalo sa nasabing pagtitipon si DOST Secretary Fortunato de la Peña na nanguna sa pagbubukas ng RSTW 2018 exhibit sa tinaguriang City of Peace and Friendship.

Nagbigay naman ng mensahe ng suporta sina DOST-VII Regional Dir. Engr. Edilberto L. Paradela at Edgar del Rosario mula sa tanggapan ni Cong. Erico Aristotle C. Aumentado. Opisyal ding iprinoklama bilang DOST Bohol Science and Technology (S&T) Ambassador si Bohol Governor Edgar M. Chatto.

Kinilala rin ang mga negosyong nabigyan ng parangal bilang Best Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) Adoptors na sina Crissander Enterprises mula sa Bohol, FEB20 Enterprises mula sa Cebu, RBD Machine Shop mula sa Negros Oriental at ang Jainin's Cakes and Pastries mula sa Siquijor.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Rubberwood Processing Plant sa Zamboanga inilunsad ng DOST-FPRDI p3

Mga teknolohiya sa agrikultura, ibinida ng DOST Region IX sa science fair p4

LarawaNews..... p4

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII



"Teachers are important and have a definite impact to the future scientists and mathematicians." ani Hon. Oscar S. Moreno, mayor ng Cagayan de Oro City, sa ginanap na 2018 STARBOOKS National Convention – Mindanao Cluster. (Larawan ni Ceajay N. Valerio, DOST-STII)

"Iba ang may alam. Knowledge is power."

Ganito inilarawan ni Engr. Junelyn Louvena B. Ruiz, director ng Provincial Science & Technology Center-Misamis Oriental, ang kahalagahan ng 2018 STARBOOKS Stakeholders' Convention – Mindanao Cluster, na idinaos noong ika-14 hanggang ika-15 ng Nobyembre 2018 sa N Hotel sa lungsod ng Cagayan de Oro.

Ito ang huli at ikaapat sa serye ng isinagawang STARBOOKS Convention sa bansa. Nauna nang ginanap ang tatlo pa sa Palo City sa Leyte; Baguio City; at sa Manila City.

Binansagan bilang kauna-unahang science, technology, and innovation (STI) digital library, ang STARBOOKS o Science and Technology Academic Research-Based Openly Operated Kiosks ay ginawa ng Department

of Science and Technology-Science and Technology (DOST-STII) Information Institute bilang isang stand-alone at offline facility na naglalaman ng iba't ibang materyales katulad ng digital na libro, journals, investigatory materials, at livelihood videos na may kinalaman sa agham at teknolohiya.

Ang pinakamalaking pagtitipon ay nilahukan ng mga guro, librarian, at administrador ng mga eskwelahan na aabot sa 250 katao mula sa iba't ibang rehiyon sa Mindanao tulad ng Northern Mindanao, Caraga, Davao, SOCCSKSARGEN, at Autonomous Region in Muslim Mindanao. Ito ay naglalayong mabigyan ang mga lumahok ng pinakabagong impormasyon ukol sa pinakabagong kalakaran sa edukasyon at pagkatuto. Ang pagtitipon ay nagsilbi ring lugar upang maibahagi

sundan sa pahina 2



Pinarangalan nina DOST Secretary de la Peña (kanan) at ni DOST-VII Director Engr. Edilberto L. Paradela (kaliwa) si Josephine B. Chan ng Jainin's Cakes and Pastries, isa sa mga Best SETUP Adoptors mula sa Siquijor. (Larawan mula sa DOST-VII)

Central Visayas ... Mula sa pahina 1

Inanunsiyo rin ang mga proyekto ng DOST Bohol tulad ng SETUP at Grants-in-Aid (GIA).

Ilan sa mga ahensya ng DOST na kabilang sa exhibit na nagpakita ng kani-kanilang mga sariling likha ay ang DOST-Philippine Institute of Volcanology and Seismology, DOST-Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration, DOST-Science and Technology Information Institute, DOST-Philippine Nuclear Research Institute, DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development, DOST-Industrial Technology Development Institute, DOST-Metals Industry Research and Development Center, DOST-Philippine Council for Health Research and Development, DOST-Forest Products Research and Development Institute, DOST-Philippine Textile Research Institute, at ang Philippine Science High School Central Visayas Campus. (Impormasyon mula kay Engr. Reinhold Jek Y. Abing, DOST-VII).

2018 STARBOOKS ... Mula sa pahina 1

ng ilang piling eskwelahan ang kanilang pinakamahasay na kasanayan sa paggamit ng STARBOOKS.

Sa kanyang talumpati, tinawag ni Cagayan de Oro City Mayor Oscar S. Moreno ang mga lumahok na guro na 'bright' sa kanilang pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa agham at teknolohiya.

"Mahalaga ang ating mga guro dahil sila ang magtuturo at gagabay sa ating future scientists at mathematicians," aniya. Dagdag pa niya, ang pag-unlad ng isang indibidwal ay makatutulong sa pag-unlad ng mga isla at ng buong bansa.

Hinikayat din niya ang mga kalahok na ipalaganap ang pag-uunawaan dahil ito ay magdudulot ng pagkakaisa.

Nagbahagi ng kanilang mga adbokasiya sa pagsusulong ng kalidad ng edukasyon sa bansa ang Association of Science and Mathematics Educators of Philippine Private Schools o ASMEPPS, Infinite-0 Group Foundation, at Children's Hour Philippine Foundation, Inc.

Nagsalita rin sina Dr. Rosanelia T. Yangco ng University of the Philippines (UP) Diliman, Maria Elaine P. de Velez ng FrontLearners Inc., Dr. Maria Claret L. Tsuchiya ng UP Los Baños, at Edric C. Calma ng Knowledge Channel Foundation Inc.

Unang solar-powered STARBOOKS sa Mindanao

Isa sa mga nagbahagi ng kanilang karanasan sa paggamit ng STARBOOKS ay si Darren Honrado, guro mula sa Patong Elementary School sa Davao Oriental.

Abot-abot ang pasasalamat ni Teacher Darren sa pagkakapili ng kanilang paaralan bilang una sa buong Mindanao na nakatanggap ng solar-powered STARBOOKS.

Para marating ang kanilang paaralan, kailangan sumakay ng habal-habal (motorsiklo) sa loob ng tatlong oras, at maglakad paakyat ng bundok nang tatlong oras. Wala rin silang silid-aklatan.

Nagpaabot ng pasasalamat si Darren sa DOST para sa ibinahaging tulong sa mga mag-aaral.

"It's not about the technology that you installed but about the future of Patongyans. We were dubbed as a hopeless community: 'piso na lang hanggang langit'," aniya.

Dagdag pa niya, sa tulong ng mga materyales na matatagpuan sa STARBOOKS, naging mas mabisa silang mga guro.

"Dalawa lang kaming guro roon kaya nagpapasalamat kami sa biyayang ito na ipinagkaloob ng DOST. Naipakita namin sa mga mag-aaral na huwag sumuko, dahil may nag-aalala para sa kanila," aniya.

Editorial Board

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Rubberwood Processing Plant sa Zamboanga inilunsad ng DOST-FPRDI

Ni Allyana A. Almonte, DOST-STII



TARBEMCO Rubberwood Processing Plant. (Larawan mula sa DOST-FPRDI)

Sa pangunguna ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña, pinasinayaan noong ika-5 ng Nobyembre 2018 ang Rubberwood Processing Plant sa Zamboanga Sibugay.

Nakibahagi rin sa seremonya sina DOST-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) Director Dr. Romulo T. Aggangan, DOST Undersecretary for Scientific and Technical Services Dr. Carol M. Yorobe, DOST-IX Director Martin A. Wee, Chairman Petronilo G. Licudan ng Tambaran Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative (TARBEMCO), Naga Mayor Rino O. Delos Reyes at Engr. Romel Duran mula sa Office of the Governor ng Zamboanga Sibugay.

Ang Rubberwood Processing Plant ay isang plantang idinisenyo upang gawing kapaki-pakinabang ang mga luma at hindi na namumungang rubberwood trees na siyang naging proyekto ng DOST-FPRDI sa probinsya.

Ito ay mayroong iba't-ibang woodworking equipment na gagamitin sa paggawa ng mga kasangkapan, molde, finger-jointed lumber, at joinery products. Naglalaman ng portable sawmill, thickness planer, single-end tenoner, pin router, shaper, boring machine, table



Pinasinayaan nina DOST Secretary Fortunato T. de la Peña (ikatlo mula sa kaliwa), DOST Undersecretary for S&T Services Dr. Carol M. Yorobe (kanan), DOST-FPRDI Director Romulo T. Aggangan (ikaapat mula sa kaliwa), Fr. Francisco G. Baguio (kaliwa) ng Holy Family Parish ng Naga, Petronilo G. Licudan (pangalawa sa kaliwa) ng TARBEMCO ang paglulunsad ng Rubberwood Processing Plant sa Zamboanga Sibugay. (Larawan ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII).

saw, dust collector at iba pang mga gamit na makatutulong upang gawing furniture ang mga kahoy.

Sa Zamboanga Sibugay, ang mga rubberwood trees ang karaniwang ginagamit sa paggawa ng mga kahoy na lalagyanan ng prutas, pallet, firewood, at uling. Sa humigit kumulang na 210 na ektarya ng rubberwood trees, umaasa ang TARBEMCO plantations na maaani ng 31,500 cubic meters ng magandang uri ng kahoy upang magamit sa paggawa ng may mas mataas na halaga ng produktong kahoy.

Ang TARBEMCO Rubberwood Processing Plant ang unang rubberwood processing

facility na nabuo ng DOST-FPRDI.

Samantala, mayroon pang iba't-ibang proyekto ang nakakasa sa pangunguna ng DOST-FPRDI. Ilan lamang sa mga ito ay ang Pressure Method Wood Treatment Plant at ang 5,000 board feet-capacity Furnace-type Lumber Dryer. Nagkakahalaga ng 57-milyong piso ang mga proyekto sa ilalim ng DOST-Grants-in-Aid. Kapag naipatupad na at natapos ang proyekto, ang mga pasilidad na ito ay tatawaging Innovation Center for Rubberwood Processing in the Philippines. (Impormasyon mula kay Juliemar V. Purificacion, DOST-FPRDI).

Mga teknolohiya sa agrikultura, ibinida ng DOST Region IX sa science fair

Ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII

PAGADIAN CITY, Zamboanga del Sur – Mga inobasyon sa larangan ng agrikultura ang ibinida ng Department of Science and Technology (DOST)-Region IX sa nakaraang pagdiriwang ng Regional Science and Technology Week o RSTW sa Provincial Capitol ng Pagadian City, Zamboanga del Sur.

Ang pagdiriwang ay pinangunahan ni DOST Regional Director Martin A. Wee na ginanap noong ika-5 hanggang ika-7 ng Nobyembre 2018 na may temang “Innovation for Collective Prosperity.”

Ibinandera ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña ang iba’t ibang mga programa at proyekto na resulta ng pagsasaliksik ng mga lokal na siyentista sa bansa sa larangan ng agrikultura, food technology, disaster risk reduction, industry at mass transport solutions, edukasyon at iskolarship, kalusugan at drug discovery, at pagpapalakas sa komunidad.

“Dahil ang Zamboanga Peninsula ay umaasa sa agrikultura, ang DOST at ang regional office ay naghahatid ng mga inobasyon sa mga magsasaka upang mapataas ang produktibidad tulad ng pag-aalaga ng tinatawag na ZamPen native chicken kung saan ito ay nagbibigay ng 20% hanggang 40% pagtaas sa produksyon ng itlog,” pahayag ni Sec. de la Peña.

Ang proyektong ito ay isinagawa katuwang ang Western Mindanao State University at San Ramon Prison and Penal Farm kung saan ang huli ay nabigyan ng alternatibong pangkabuhayan. Ang teknolohiya ay nadebelop



ZamPen native chicken. Bisita ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (ika-apat mula sa kaliwa) ang exhibit booth ng Zamboanga Peninsula (ZamPen) native chicken na kasama sa Pureline Project ng DOST-PCAARRD. Katuwang sa proyektong ito ang Western Mindanao Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development Consortium (WESMAARRDEC). Nasa larawan din ang mga kawani ng WESMAARRDEC at si DOST Region IX Director Martin A. Wee (ikalawa mula sa kaliwa). (Larawan ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII)

naman ng DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) kung saan ang kita ay tumaas ng 26% sa hardened chicks at 86% sa slaughtered chicken.

“Sa isang banda, ang DOST ay humahanap ng iba’t ibang oportunidad kung saan magagamit ang mga nadebelop na teknolohiya ng DOST tulad din ng pagpoproseso ng mga tinatawag na unproductive o senile rubberwood trees,” sambit ni Sec. de la Peña.

Noong unang araw ng RSTW, inilunsad ng DOST Region IX ang P57-M proyektong tinawag na “Processing and Utilization of Senile and Unproductive Rubberwood Trees for High Value Furniture, Mouldings, and Joineries” sa Naga, Zamboanga Sibugay.

Dahil sa makabagong teknolohiya, ang mga magsasaka ay nagkaroon ng ibang hanapbuhay

tulad ng paggawa ng furniture gamit ang mga senile rubberwood trees na dati ay ginagamit lang panggatong o paleta.

Ito ay ipinatutupad ng DOST Region IX at DOST-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan ng Naga, Zamboanga Sibugay at ng Tambaran Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative.

Pinangunahan ni Sec. de la Peña ang paglulunsad ng pasilidad na ito kasama ang ibang opisyal ng kagawaran tulad nina DOST Undersecretary for S&T Services Dr. Carol M. Yorobe, DOST Undersecretary for Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation Dr. Renato U. Solidum, Jr., at DOST-FPRDI Director Romulo T. Aggangan, at kasama ang ibang mga mamamahayag mula sa Maynila at rehiyon.

LarawaNEWS



Nakatanggap ang limang paaralan sa lungsod ng San Carlos, Negros Occidental ng mga Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosks (STARBOOKS) unit kasabay ng kanilang taunang selebrasyon ng Pintaflores Festival noong ika-6 ng Nobyembre 2018. Tinanggap ni San Carlos City Mayor Gerardo P. Valmayor, Jr. ang mga ipinagkaloob na STARBOOKS units, at sinabing magiging malaking tulong ang mga ito sa paghubog ng kaalaman ng mga estudyante pagdating sa Science and Technology. Ang limang paaralang nakatanggap ng STARBOOKS units ay ang Bagonbon National High School, Don Carlos Ledesma National High School, Julio Ledesma National High School, Sipaway National High School, at Quezon National High School. Ang STARBOOKS ang kauna-unahang digital library-in-a-box sa Pilipinas na nilikha ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII). (Teksto mula kay Enrico P. Belga Jr., Impormasyon at larawan mula kay David Matthew C. Gopilan, DOST-STII).